**MEDIA INTERVIEW IN PIKIT, COTABATO**
April 29, 2024

[00:00:00]
**PRESIDENT FERDINAND R. MARCOS JR.** …ang pagbigay galing PhilMec, kukuha tayo ng makinarya ng mga equipment, na farm equipment. Kasama na diyan iyong tractor, iyong mga post-harvest facilities para maging mas maganda ang hanapbuhay ng ating mga farmer at hindi na sila masyadong nag-aalala at mas mababa pa ang production cost para mas malaki naman ang kita nila.

This is the same thing that we've been trying to do all around the country. And NIA has been key in providing us or preparing us for El Niño.

If we did not do anything for El Niño, starting late last year, inumpisahan namin ito mga November. Noong sinabi ng PAGASA sa amin na talagang magkakaroon ng El Niño at medyo malala. Mula noon ay sabi ko, i-prioritize na natin iyong mga irrigation systems, iyong mga dam, iyong mga SWIP [Small Water Impounding Project], iyong mga lahat ng mga koleksyon ng tubig para mapaghandaan natin.

Kaya't kahit papaano the irrigated areas, siyempre bababa ang ani natin dahil walang tubig. Ngunit, sa mga area na may patubig mas tumaas ang production rate natin. Mas malaki ang tons per hectare sa mga irrigation dahil marami tayong bagong ginagawa.

So, ang susi talaga rito ay palawakin ang irrigation system. At iyan ang ginagawa natin. Isang magandang halimbawa itong ating binuksan ngayong araw.

[00:01:45]
MODERATOR: For our next question, Mr. President, we have here from the Philippine News Agency.

REPORTER: Good afternoon po, Mr. President.

**PRESIDENT MARCOS JR.:** Good afternoon.

REPORTER: Congratulations po sa lahat ng ating stakeholders, agencies, congratulations din po, Governor Mendoza. Sir, kaunting shift muna tayo, sir, sa usapin po ng kuryente.

Sir, recently the NGCP posted po ng yellow alert in Mindanao grid. How focused is your leadership po in monitoring the electricity situation in the country na hindi po ito artificial crisis po? Then what's the mandate po doon sa mga concerned agencies?

**PRESIDENT MARCOS JR.:** No, it definitely is not an artificial crisis dahil talagang the power systems are overloaded.

Ang naging consumption natin biglang tumaas talaga, because of the— dahil napaka init. Kaya't nakabantay kami nang husto kaya't naman nagkakaroon ng problema sa mga iba't ibang sistema kaya naming tinututukan.

At iyong pagtaas ng— mayroon kaming mga plano, mga strategy para hindi na magtaas ng presyo ng kuryente. At least for now, in this crisis time. Dahil patuloy, so, tuloy-tuloy dahil nga demand and supply, pataas ng pataas ang presyo so, gagawan natin ng paraan para medyo makontrol nang mabuti iyan.

So, those are the things, well, sa NGCP patuloy iyong ating sinasabi sa kanila na magtayo na sila noong mga, kanilang mga transmission lines na matagal nang inaantay, pati iyong mga submarine cables ginagawa na natin para naman kapag may kuryente sa ibang lugar na excess capacity ay pwedeng dalhin sa ibang lugar na kulang naman.

Kaya't ito ang aming— matagal na dapat ginawa ito, pero na, nakaligtaan yata ng mga iba. Ngayon lang namin, ngayon lang tayo naghahabol.

BAGONG PILIPINAS

But, that's the, we're continuing to monitor the power supply. We're continuing to monitor the price and we are continuing to encourage and to endorse all of the programs of NGCP so that they will increase the coverage of their transmission lines all over the country.

MODERATOR: For our third question, Mr. President, we have Mr. Lhoy Rosario from 105.7 Joy FM.

MR. LHOY ROSARIO: Magandang hapon po, mahal na Pangulo.

Ano po ang plano ng pamahalaan sa inaasahang pagbaha sa mga low-lying area po ng Cotabato province at Maguindanao na sa mga panahon na may banta po tayo ng La Niña?

**PRESIDENT MARCOS JR.**: Ay wala tayong ibang magagawa kung hindi talaga…. Ito, ang naging sistema ngayon, dati ang ginagawa natin pang irrigation iyan. Ito para sa tubig, ito para sa hydro. Ngayon nagbago na ang approach.

Ang approach ngayon, lahat ng ginagawa na ito kung mayroong isang—kasama diyan ang irrigation, kasama diyan ang fresh water supply. Kasama d'yan ang flood control at kasama na diyan iyong patubig nga para sa mga magsasaka.

Power din kung kaya, maglalagay tayo kahit mga mini-hydro lang o kung hindi papatungan natin ng solar. Kaya't marami tayong maaring gawin. Kasi maraming magandang teknolohiya na bagay dito sa problema natin at iyon ang pinag-aaralan namin. At ngayon mayroon na kaming mga na-implement na tungkol diyan.

So, ang, 'pag naglagay ng dam ngayon, hindi lang dam na para sa tubig na para sa households iyan. Patubig iyan para sa households, patubig para magsasaka, flood control na rin iyan. At kung kaya gagawan natin ng—gagawin natin ng solar, lalagyan, papatungan natin ng solar o pwede i-hydro, hydroelectric power natin.

At dagdag pa doon yung solar nilalagyan pa namin ng isda para mayroon naman, iyong mga irrigators' association, sila iyong may ari sila ang kukuha niyan para mayroon silang additional, additional income.

So, nagbago na talaga ang approach sa flood control, sa irrigation at lahat. Kaya't iyon ang sinusundan namin ngayon.
[00:06:13)

BAGONG PILIPINAS

***